## Luksang Pag-ibig

(Buhat sa pahina 29)

li't wala siyang nagiging tugon sa akin kundi ang mga ka.agang: "*ang tunay na pag ibig ay sadyang mapagb gay. Unang isinasaisip ang nauukol sa kaligayahan ng iniibig...*"

—Isang araw na masungit ang panahon ay isinama ako ng kaibigang Boby sa malaking tahanan nina E ya. Matatapos na noon ang takdang araw ng hinihingi naming bakasyon. Dinatnan namin si Elyang may luha ang mga mata. Sa buo niyang katauhan ay mababakas ang taglay na dalamhati. Isinasaad ng kanyang anyo ang matinding kalungkutan.

Ayon sa sari i niyang pagtatapat ay ipakakasal siya diumano ng kanyang ama sa isang lalaking hindi niya iniibig. At ang kagustuhan ng magulang ay kanyang susundin. Pakakasal siya sapagka't ayaw niyang dulutan ng pagdaramdam ang kanyang ama na noon ay nararatay. — "*Ikaw ay aking pinakaiibig, Boby,*" —aniya sa kasintahang tila hindi humihinga sa kanyang pagkakatayo. —"*Pinakaiibig kita at laging mamahalin hanggang may nalalabi akong hininga. Iyan ay ipinangangako ko sa iyo at gagawing panata ng aking buhay.*"

—Magsasa ita pa sana si Boby noon nguni't ito'y hindi niya nagawa... Parang may bikig ang kanyang lalamunan na humahadlang sa mga katagang nais niyang sabihin. Tinanganan na lamang sa dalawang balikat ang lumuluhang kasintahan saka tuma.ikod na mabigat ang dibdib.

—Lalong matindi kaysa dati ang lakas ng hangin nang kami ay dumating sa aming himpilan sa Batangan. Doo'y isang patalastas mula sa pinunong pangkalahatan ng Hukbong Panghimpapawid ang sa aming dalawa'y unang sumalubong... Isang utos na nagsasaad ng pag'ilikas ng lahat ng eroplano sa aming himpilan. Ayon pa rin sa patalastas ay kailangang ilipat sa himpilan ng Pampangga ang lahat ng sasakyan.

—Minabuti ng punong mekaniko ang aming pagdating ng kaibigang Boby pagka't mayroon pa di-umanong hindi naililikas na tatlong sasakyan. Ang isa ay sira subali't ang dalawa ay maaari namang lumipad. Idinugtong pa niya na ang iba naming kasamahan ay kalilipad lamang at marahil ay di pa gaanong nakalayo.

—"Madali kaming naghanda ni Boby na mula pa sa Maynila at hangga nang mga saglit na yaon ay di nagbubuka ng bibig dahil sa ma'aking pagdaramdam na tinataglay. Gayon pa man ay isinaayos namin kapwa ang mga kailangan sa aming paglipad at patakbo halos na tinungo ang dalawang eroplanong itinuro ng mekaniko.

"—Habang ako'y nagpapainit ng makina ay napansin kong tila wala sa loob ni Boby ang kanyang ginagawa. Ni hindi niya tinitingnan ang mga "instrumento" na dapat munang suriing mabuti ng isang abyador bago lumipad. Nakatingin siya sa malayo at matamang nag-iisip. Ang gayon ay hindi ko naman pinansin sapagka't malaki ang aking pananalig sa kanyang kakayahan.

"—Hindi nalaunan ay puma- himpapawid na kaming halos magkadikit ang pakpak. At di pa kami gaanong nakatataas ay nabalot na kami ng makapal na ulap... Unti-unting ipinadpad ng malakas na hangin ang aming sasakyan hanggang mailayo sa dapat naming kalagyan. Walang anu-ano'y bigla kaming hinigop ng malakas na hangin at hindi masugpo ang mabilis na pagbaba ng aming eroplano... Nagpingki ang aming pakpak at naramdaman kong sumadsad ang tagiliran ng aming sasakyan.

—Bahagya ko nang naramdaman ang dampi ng malamig at malakas na hangin sa aking katawan... Nagdilim ang aking paningin at ako'y nawala sa aking sarili...

—At ngayo'y naririto ako, kami ng kaibigan kong Boby. Kapwa walang silbi ngayon sa bayan at bahagya nang naalaala ng pa-




Isinatagalog ni: GERONIMO G. CRUZ
Kagawaran ng Kalusugan

*Dr. Demetrio Belmonte*
*Pangalawang Puno ng Kalusugan*
*Lunsod ng Maynila*
*Dr. Belmonte:*

*Napansin ko pong tuwing darating ang tag-init ay maraming binubulutong-tubig. Sa kasalukuyan ay may labing dalawang bata ang nagtataglay ng ganitong sakit sa aming paligid kaya't nangangamba akong baka kapitan din ang aking mga anak.*

*Maaari po bang ipaliwanag ninyo sa akin kung ano ang dapat kong gawin upang maiwasan ng aking mga anak ang sakit na ito?*

*Lubos na gumagalang,*
*Gng. Lydia Valdez*

Gng. Valdez,

Ang bulutong-tubig ay isang uri ng sakit sa balat na may kalakip na lagnat, pagkabalisa, pananakit ng ulo at pagkawala ng gana sa pagkain. Lumilitaw ito sa loob ng ilang oras at tumatagal sa loob ng ilang araw na matapos gumaling ay nagiiwan sa simula ng gamungo at datal-datal na bakas. Ang bahagi ng katawan na malimit dagsaan nito ay ang mukha at bumbunan.

Ang paglaganap ng sakit na ito ay maiiwasan sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. Ihiwalay ang may sakit sa karamihan; sa isang silid na pinaglalagusan ng likas na hangin.
2. Ang sino mang hindi pa dinadapuan ng sakit na ito ay dapat magingat na huwag matabi sa may sakit.
3. Sumangguni agad sa manggagamot kung lalagnatin at magkakasingaw sa balat.
4. Ang mga kagamitang ginamit o hinipo ng may sakit ay dapat disinpektahin.

Tinugon ni:
DR. APOLONIO DEL ROSARIO
Kagawaran ng Kalusugan

KARAGDAGAN:

Ang bulutong tubig ay malimit lumitaw sa tag-init kaya't lalong kailangang panatilihin ang kalinisan ng katawan at pamamahay sa panahong ito. Maligo araw-araw upang maiwasan ang pagkahawa. Sa kasalukuyan ay wala pang natutuklasang gamot sa sakit na ito kaya't ingatang huwag kayong mahawa. Laging isaalang-alang ang apat na paala-ala sa itaas nito.

Inyong lingkod,
DEMETRIO BELMONTE
Pangalawang Puno ng Kalusugan
Lunsod ng Maynila

KUNG TAGLAMIG AY LUMALAGANAP ANG

Ubo!

IPAGSANGGALANG ANG INYONG KAANAK SA TULONG NITONG MGA

Subok

NANG PANLUNAS SA UBO




CHLORICODE

Ang isang karaniwang ubo ay maaaring magbunga ng malubhang karamdaman kundi agad lulunasan. Uminom ng Chloricode ukol sa dagling lunas! Higit na mabisa, ang isang kutsarita ng Chloricode ay katumbas ng isang kutsara ng mga karaniwang harabe sa ubo. Pinalalabas nito ang plema, pinagiginhawa ang panghahapdi, pinaluluwag ang paninikip sa lalamunan at dibdib.

Ang Baby Chloricode ay tanging ginawa para sa mga sanggol at bata. Banayad ngunit mabisa, ito'y masarap ang lasa—gusto ng mga bata!

*Hingin ang Chloricode • Baby Chloricode sa inyong suking botika.*




baby CHLORICODE

FORMULA: Each 10 cc. Ammon. chlo. 0.10 gm; cod. sulf. 0.004 gm; strych. sulf. 0.0001 gm; benz 0.01 gm; glucide 0.001 gm; syrup & flavors, q.s.

FORMULA: Each 5 cc. Ammon. chlo. 0.30 gm; cod. sulf. 0.01 gm; strych. sulf. 0.0001 gm; ant. & pot. tart. 0.0001 gm; sod. benz. 0.05 gm; glucide 0.005 gm; syrup & flavors, q.s.